LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino

# Si Asheela



Isinulat ni Shanta Dixit
Iginuhit ni Anisha Rai



“Ano ang iginuguhit mo, Maya?”
tanong ni Bb. Cruz.
“Larawan ko po ito at ng aking
kapatid” tugon ko.
“Ang ganda ng mga mata na
iginuhit mo. Ikuwento mo naman
sa akin ang tungkol sa larawan.”
ang hiling ni Bb. Cruz.



“Gusto mo po bang marinig ang mahabang kuwento o ang maikling kuwento?” tanong ko. “Ang buong kuwento,” sagot ni Bb. Cruz.




Ito ang aking kuwento—
Isang sanggol ang lumalaki sa loob ng tiyan ng aking nanay. Sobrang saya ko. Sabik na akong umakyat sa puno, magtago ng sekreto, maglaro ng bihis-bihisan, at sumakay sa bisikleta kasama ang aking magiging kapatid.



Sa bahay, ako ang nag-aalaga sa aking nanay. Dinadalhan ko siya ng tubig na maiinom. Tinutulungan ko siyang magsara ng mga bintana at magpatay ng ilaw. Sinabi ko ring hindi na niya ako kailangang basahan ng kuwento sa gabi dahil pagod na siya.



“Mag-ingat ka po, Nanay.” paalala ko sa kaniya isang araw. “Paano po kung lumabas ang bata at masugatan?”
“Hindi, Maya. Ang sanggol ay hindi lalabas nang ganyan.” sagot niya. “Ipapanganak ang bata sa ospital at sisiguraduhin ng mga doktor at nars na ligtas at malusog siya.”



Tuwang-tuwa ako na magkakaroon na ako ng kapatid. Ngunit nahihirapan akong sabihin sa mga kaibigan ko ang tungkol dito.



Sa bahay ay kinakanlong ako ni Tatay at sinasabihang, “Alam mo Maya, kapag naging babae ang kapatid mo ay magiging kagaya mo siya. Pero kung lalaki siya, magiging kagaya siya ng pinsan mong si Nico.”



“Hindi, Tatay,” sagot ko.
“Hindi po magiging lalaki ang kapatid ko kagaya ni Nico. Magiging babae siya kagaya ko. Sabay kaming aakyat sa mga puno, magtatago ng lihim, magbibihis-bihisan, at magbibisikleta.”



Sa wakas, handa na akong sabihin sa aking mga kaibigan sa paaralan ang aking lihim. Sinabi ko sa kanila na magkakaroon ako ng isang kapatid na babae. Tuwang-tuwa silang lahat.



Tinanong nila ako kung may napili na ba akong pangalan para sa kaniya.

“Maya, sigurado ka na bang babae ang magiging kapatid mo?” tanong ng aking guro.



Sa bahay, ang sabi ng nanay ko, “Kailangan nating pumili ng dalawang pangalan, Maya. Isa para sa babae at isa para sa lalaki. Hindi pa natin alam kung ang magiging kapatid mo ay babae o lalaki.”



“Hindi, Nanay,” ang sagot ko. “Magkakaroon po ako ng kapatid na babae. Kami ay aakyat sa puno, magtatago ng sekreto, magbibihis-bihisan, at magbibisikleta.”



Sa paaralan, sinabi kong nakapili na ako ng pangalan para sa kapatid kong babae. Papangalanan ko siyang "Asheela."

"Ang gandang pangalan! Asheela!" puri nila.



Sa wakas, manganganak na ang aking Nanay sa ospital. Sabik na akong bisitahin at makilala ang kapatid kong babae.




Ngunit, nang dumating ako ay agad akong kinausap ni Tatay. “Hindi babae ang iyong kapatid, Maya.” Tiningnan ko ang sanggol na lalaki, at hindi ko siya nagustuhan. Malungkot at galit na galit ako nang araw na iyon. Paano ko gugustuhin ang isang nakababatang kapatid na lalaki?




Pag-uwi namin sa bahay,
mahigpit akong niyakap ni Tatay
hanggang sa makatulog ako.



Nang gumising ako kinabukasan ay matamlay kong kinausap si Tatay, "Tatay, gusto ko po ng babaeng kapatid na papangalanan kong Asheela. Sabay kaming aakyat sa mga puno, magtatago ng lihim, magbihis-bihisan, at magbibisikleta."



Nang pumasok ako sa paaralan kinabukasan, nagtanong ang lahat tungkol sa aking kapatid. Umiyak ako at sinabi sa kanila na lalaki ang aking nakababatang kapatid.
Sinabi ko sa aking guro na hindi ko mahal ang kapatid ko.



Nagtanong ang aking guro sa buong klase. “Ilan ang may kapatid na babae?”
Tatlong lalaki ang nagtaas ng kanilang kamay. “Mahal ba ninyo ang inyong kapatid?”
“Opo,” sagot ng aking mga kaklase. “Mahal namin sila!”



“Ibig ko ring magkaroon ng kapatid na babae,” sabi ko. “Aakyat kami sa mga puno, magtatago ng mga lihim, magbibihis-bihisan, at magbibisikleta.”



Nagtanong ulit ang aming guro, “Kayong mga babae, sino sa inyo ang may nakababatang kapatid na lalaki?”
May apat na nagtaas ng kamay.



Nagsalita ang kaibigan kong si Ira, "Gustong-gusto ko ang aking kapatid na lalaki. Binibigyan niya ako ng pinakamahigpit na yakap sa buong mundo!"

"Hindi ako niyayakap ng aking kapatid," sagot ko.

Pero sumagot si Ira, "Hindi pa sa ngayon, Maya, hintayin mo hanggang sa lumaki siya."



Pagdating ko sa bahay nang araw na iyon, agad akong tumakbo para tingnan nang mabuti ang kapatid kong lalaki. Napakaliit niya at sobrang kulit. Nakaunat ang maliliit niyang kamay na parang gusto akong yakapin. Hindi naman pala siya naiiba sa isang batang babae.



Tahimik na pumasok si Nanay sa kuwarto. Sandali niya kaming pinagmasdan. Pagkatapos, kinuha niya ang kapatid ko at inilagay sa aking kandungan. Tumingin sa aking mukha ang aking kapatid at ginalaw ang kaniyang mga labi. Nakangiti ba siya sa akin?



Bumulong ako sa maliit niyang tainga, “Kapag lumaki ka na, sabay tayong aakyat ng mga puno, magtatago ng mga lihim, magbibihis-bihisan, at mamamasyal gamit ang aking bisikleta. Gusto mo iyon, Bunso?”



Ngayon ay tatlong taon na ang nakababata kong kapatid na lalaki. Kahapon ay naglaro kami ng bihis-bihisan.



“Tingnan ninyo, maayos niyang naisuot ang aking bestida! Ang kulit niya hindi ba?” ang natutuwang wika ni Maya.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI INTERNATIONAL
The Asia Foundation